Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA – 107 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA – 11 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 27, 2024, IKA – 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Municipal Vice Mayor Jerwin S. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Robert S. Quiatchon	- Miyembro
Konsehal John John S. Yason	- Miyembro
Konsehal Lucille T. Bacay	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konsehal Veil Charlleo B. Cusi	- Miyembro
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- Pangulo, MSKF

Hindi Nakadalo:

Konsehal Juan Rafael M. Talens	- Miyembro

KAPASYAHAN BLG. 565
Taong 2024

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG SI KGG. CESAR T. BATICOS, DATING KONSEHAL AT PANGALAWANG PUNONGBAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO

SAPAGKAT, si Kgg. Cesar T. Baticos ay pumanaw noong Agosto 25, 2024 sa edad na animnapu't limang taong gulang;

SAPAGKAT, inilaan niya ang kanyang buhay sa paglilingkod sa bayan, si Kgg. Cesar T. Baticos ay naging Pangalawang Punong Bayan mula 2001 hanggang 2007 at mula 2017 hanggang 2019;

SAPAGKAT, siya ay nahalal rin bilang Konsehal sa loob ng limang termino mula 1992 hanggang 2001 at mula 2007 hanggang 2013;

SAPAGKAT, bilang isang aktibong Roxaseño na may malawak na karanasan sa larangan ng pulitika, malaki ang kanyang naging bahagi sa pagbalangkas ng mahahalagang hakbangin sa pagkakaroon ng maunlad at mapayapang bayan;

SAPAGKAT, sa kanyang panunungkulan, siya ay naging simbolo ng isang masipag at matapat na lingkod-bayan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, sampu ng mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay sa mga naulila ng dating Pangalawang Punong Bayan at Konsehal, Kgg. Cesar T. Baticos.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kgg. Marietta R. Pajila at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

JERWIN S. DIMAPILIS

MARIA MAHARLIKA M. FABIC

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong dating Pangalawang Punong Bayan at Konsehal ng bayan ng Roxas, Oriental Mindoro, Kgg. Cesar T. Baticos ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan, at ng mga namumuno at kawani ng pamahalaang bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN, na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya at mga kaanak ng yumaong Kgg. Cesar T. Baticos lakip ang tauspusong pakikiramay.

Pinagtibay: 27 Agosto 2024

PINATUTUNAYANG WASTO:

MARIA MAHARLIKA M. FABIC
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

JERWIN S. DIMAPILIS
Tagapangulo